Light Reading
Setyembre/Oktubre 2019

Binuksan ng City Light ang "World's Coolest Substation"
Ngayong taon, binuksan ng Seattle City Light ang unang bagong substation nito sa loob ng higit sa 30 taon—Denny Substation—sa lugar ng South Lake Union. Noong Sabado, Hulyo 20, halos 1,000 miyembro ng komunidad ang nagpulong sa buhay na buhay na komunidad ng Cascade para ipagdiwang ang Denny Substation at ang mga pampublikong pasilidad nito kasama ang komunidad. Nalibang ang mga dumalo sa mga food truck, musika, at sorbetes habang iniikot nila ang mga pampublikong benepisyo ng substation: mga likhang-sining, isang nakataas na lakaran, isang lugar kung saan maaaring tanggalin ang leash ng aso, at mga lugar para sa komunidad.

Tinaguriang "the world's coolest substation" (pinakapambihirang substation sa mundo) ng Fast Company, ang Denny Substation ay isang natatanging halimbawa ng makabagong impraestrukturang binuo sa gitna ng isang patuloy na nagbabago at mataong komunidad kung saan nakatira ang mga taong may iba't ibang lahi. Nagtrabaho ang City Light kasama ang komunidad para idisenyo ang bagong substation sa isang parang naaangkop sa katangian ng komunidad, para magbigay ng mga pasilidad sa komunidad, at magsilbi bilang modelo ng pangangalaga sa kapaligiran.

Ang Denny Substation, na nagsimulang maghatid ng kuryente noong Mayo 2018, ay isang pangmatagalang asset para sa buong sistema ng City Light at ito ay maaasahan at magbibigay ng pleksibilidad sa mga karatig na substation. Idinisenyo ang bagong substation para magtagal ng 50-100 taon, nang may kakayahang umangkop sa mga pangangailangan sa hinaharap sa komunidad na ito at sa iba pa. Siguraduhing bisitahin ito sa susunod na beses na ikaw ay nasa South Lake Union!

Sumali sa Utility Discount Program
Sinusuportahan ng Utility Discount Program ang mga customer na kuwalipikado batay sa kita sa pamamagitan ng 60% deskuwento sa kuryente at 50% sa mga gastos sa tubig, poso negro at basura. Karaniwang nakakatipid ng $1,200 bawat taon ang mga kalahok nito!

Para sa mga gabay sa pagiging kwalipikado, personal na tulong at karagdagang impormasyon, tumawag sa (206) 684-0268. Mahahanap din ang impormasyong ito online sa seattle.gov/light/discount.

Kapag Nawalan ng Kuryente, Manatiling May Alam
Sa Pacific Northwest, karaniwan ang mga bagyong may malakas na hangin tuwing taglagas at madalas na nagdudulot ng mga pagkawala ng kuryente. Kapag walang kuryente, manatiling may kaalaman sa pamamagitan ng outage map (mapa ng mga lugar na walang kuryente) ng City Light para sa impormasyon sa pagsasaayos at panahon ng paggawa. Pumunta sa: seattle.gov/light/outage para makita ang aming outage map.

Green Up!
Sumali sa City Light Green Up program upang makagawa ng malaking epekto sa pamamagitan ng pag-ambag sa mas makakalikasan at mas matatag na kinabukasan ng enerhiya. Magdagdag lang ng $3, $6, o $12 sa iyong bill bawat buwan. Matuto pa sa pamamagitan ng pagbisita sa seattle.gov/green o tumawag sa (206) 684-3800.

Pangkaligtasang Tip mula sa isang Eksperto
"Maaaring maging epektibo ang mga generator sa panahon ng pagkawala ng kuryente, ngunit kinakailangang maingat na gamitin ang mga ito. Palaging gumamit ng mga portable na generator sa labas sa mga lugar na maganda ang daloy ng hangin at malayo sa iyong tahanan."

Hernann Ambion

Nakatataas na Espesyalista sa Pakikipag-ugnayan sa Publiko

Nagtatrabaho sa Inyong Komunidad

May mga tauhan ang Seattle City Light sa mga komunidad na ito na nagsisikap na magbigay ng maaasahang serbisyo:

- Arroyo/South Arbor Heights: nag-i-install ng mga tubo sa ilalim ng lupa, vault, at mga poste ng ilaw upang palitan ang naluluma nang imprastruktura;
- Downtown Seattle: pagpapalit sa LED ng mga makasaysayang globong poste ng ilaw;
- Montlake: nag-i-install ng mga conduit sa ilalim ng lupa at bagong LED na ilaw sa kalsada;
- Pioneer Square/SODO: nagsisikap upang pahusayin ang pagkamaaasahan ng kuryente sa pamamagitan ng pag-install ng mga conduit sa ilalim ng lupa;
- SODO/Industrial District: nag-i-install ng mga EV charger na magagamit ng publiko sa South Service Center ng utilidad;
- South Lake Union: nag-i-install ng elektronikong vault sa ilalim ng lupa malapit sa Fairview Avenue North at Republican Street.

Hindi kompleto ang listahang ito. Para sa mga detalye, pumunta sa seattle.gov/light/atwork upang magkaroon ng access sa aming mapa at matuto tungkol sa mga indibidwal na proyekto.

Makibahagi!

Alamin ang mga pinakabago tungkol sa City Light, mula sa mga pagkawala ng kuryente hanggang sa mga fun fact tungkol sa utilidad sa social media!
I-follow, i-like, at i-share! twitter.com/SEACityLight, facebook.com/SeattleCityLight, youtube.com/SeattleCityLight